2 Sa panahon ng likas na kapahamakan

2-6 Pagkuha ng impormasyon kaugnay sa sakuna

Upang maiwasan ang mga sakuna na dulot ng natural na kalamidad, makinig o alamin lagi ang mga pahayag, babala at alerto. Maaaring malaman ang pinakabagong impormasyon ukol dito sa mga radyo, telebisyon o internet.

Laging ipinapahayag sa telebisyon o radyo ang pagdating o paglapit ng isang bagyo.

(1) Pagkuha ng impormasyon tungkol sa mga babala at alerto mula sa radyo o TV

Ang babala o tinatawag na chuuihou ay nagpapahayag na may posibilidad na magkaroon ng kalamidad. Ang alerto o tinatawag na keihou naman ay nagpapahayag na may posibilidad na magkaroon ng malaking kalamidad. Ngunit hindi ibig sabihin na keihou lamang ang dapat na pakinggan. Siguraduhing laging handa para sa mga hindi inaasahang sakuna.

●Alerto

Alerto para sa malakas na ulan	Ipinapahayag ito kung may posibilidad na magkaroon ng malaking kalamidad (tulad ng baha at landslide) na dulot ng malakas na ulan.
Alerto para sa baha	Ipinapahayag ito kung may posibilidad na magkaroon ng malaking kalamidad na dulot ng pagtaas ng tubig sa ilog dahil sa malakas at mahabang pag-ulan at pagkatunaw ng snow. Maaaring umapaw ang ilog at bumaha. Ipinapahayag din ang pangalan ng ilog.
Alerto para sa malakas na snow	Ipinapahayag ito kung may posibilidad na magkaroon ng malaking kalamidad na dulot ng makalas na snow.
Alerto para sa malakas na hangin	Ipinapahayag ito kung may posibilidad na magkaroon ng malaking kalamidad na dulot ng malakas na hangin.
Alerto para sa malakas na hangin at snow	Ipinapahayag ito kung may posibilidad na magkaroon ng malaking kalamidad na dulot ng malakas na hangin na may kasamang snow. Hindi lamang malaking kalamidad dahil sa malakas na hangin kung hindi malaking kalamidad dahil mahirap makita ang dinadaanan dahil sa snow.
Alerto para sa malaking alon	Ipinapahayag ito kung may posibilidad na magkaroon ng malaking kalamidad na dulot ng malaking alon. Ito ay iba pa sa tsunami na dulot naman ng lindol.
Alerto para sa high tide	Ipinapahayag ito kung may posibilidad na magkaroon ng malaking kalamidad na dulot ng pagtaas ng lebel ng tubig sa dagat dahil sa bagyo o low pressure.

P Sa oras ng emerhensiya at sakuna

Back to the top of P Emergencies/Disasters

●Babala

Babala para sa malakas na ulan	Ipinapahayag ito kung may posibilidad na magkaroon ng kalamidad (tulad ng pagbaha at landslide) na dulot ng malakas na ulan. Kahit na tumila na ang ulan ay maaaring magpahayag nito kung may posibilidad na magkaroon ng landslide.
Babala para sa baha	Ipinapahayag ito kung may posibilidad na magkaroon ng kalamidad na dulot ng pagtaas ng tubig sa ilog dahil sa malakas at mahabang pag-ulan at pagkatunaw ng snow. Maaaring umapaw ang ilog at bumaha. Ipinapahayag din ang pangalan ng ilog.
Babala para sa malakas na snow	Ipinapahayag ito kung may posibilidad na magkaroon ng kalamidad na dulot ng makalas na snow.
Babala para sa malakas na hangin	Ipinapahayag ito kung may posibilidad na magkaroon ng kalamidad na dulot ng makalas na hangin.
Babala para sa hangin at snow	Ipinapahayag ito kung may posibilidad na magkaroon ng kalamidad na dulot ng malakas na hangin na may kasamang snow. Hindi lamang kalamidad dahil sa malakas na hangin kung hindi kalamidad dahil mahirap makita ang dinadaanan dahil sa snow.
Babala para sa malaking alon	Ipinapahayag ito kung may posibilidad na magkaroon ng kalamidad na dulot ng malaking alon. Ito ay iba pa sa tsunami na dulot naman ng lindol.
Babala para sa high tide	Ipinapahayag ito kung may posibilidad na magkaroon ng kalamidad na dulot ng pagtaas ng lebel ng tubig sa dagat dahil sa bagyo o low pressure.
Babala para sa makapal na fog	Ipinapahayag ito kung may posibilidad na magkaroon ng kalamidad na dulot ng makapal na fog kaya't mahirap makita ang dinadaanan.
Babala para sa kidlat	Ipinapahayag ito kung may posibilidad na magkaroon ng kalamidad na dulot ng pagkidlat tulad ng malakas na hangin o hailstorm.
Babala para sa avalanche o pagguho ng snow	Ipinapahayag ito kung may posibilidad na magkaroon ng kalamidad na dulot ng pagguho ng snow.
Babala para sa pagkatunaw ng snow	Ipinapahayag ito kung may posibilidad na magkaroon ng kalamidad na dulot ng pagkatunaw ng snow.
Babala sa tuyot na klima	Ipinapahayag ito kung may posibilidad na magkaroon ng kalamidad dahil sa tuyot ang hangin sa kapaligiran. Ipinapahayag ito kung malaman na dahil sa kalagayan ng kapaligiran ay malaki ang panganib na magkaroon ng sunog.
Babala sa mababang temperatura	Ipinapahayag ito kung may posibilidad na magkaroon ng kalamidad dahil baba ng temperatura. Ipinapahayag ito kung dahil sa baba ng temperature nagkaroon ng malaking pinsala sa mga tanim na sinasaka, kung may posibilidad na magkaroon ng malaking pinsala dahil sa pagputok ng linya ng tubig sa panahon ng taglamig.

(2) Pagkuha ng impormasyon mula sa institusyong pampamahalaan sa inyong munisipyo

Kapag nagkaroon ng likas na kapahamakan o kapag may posibilidad na magkaroon nito, kadalasang ito ay ipinapahayag sa pamamagitan ng malakas na speaker sa mga munisipyo. Ipinapahayag dito ang sitwasyon ng kalamidad at kung kinakailangan lumisan. Makinig sa mga pahayag mula sa munispyo kasama ng mga pahayag mula sa telebisyon o radyo.